# Kabanata 10

## Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan



Kobaton, mascot ng Saitama

**1 Pagpapalit sa lisensiyang gawa sa ibang bansa**

**2 Pagbabago sa lisensiya sa pagmamaneho**

**3 Pagsusuri para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho**

**4 Pamamaraan kapag lampas na sa validity date ang lisensiya sa pagmamaneho**

**5 Mga pamamaraan na dapat gawin sa oras ng pagpalit ng tirahan at iba pa**

**6 Pagbili at pagrehistro ng sasakyan**

**7 Seguro para sa sasakyan**

Kailangang magkaroon ng Japanese Driver’s License kung nais magmaneho ng sasakyan sa Japan. Kung may hawak na lisensiya mula sa ibang bansa, maaari ito palitan ng Japanese Driver’s License. Bago matanggap ito, kailangang gawin muna at ipasa ang gagawing screening process. Subalit, maaaring magmaneho ng sasakyan kung may hawak na lisensiya mula sa isang bansang kasapi ng Geneva Convention o lisensiya ng pagmamaneho (na may kalakip na pagsasalin sa wikang Hapon) mula sa mga bansang itinakda sa ilalim ng pambansang ordinansa ng Japan (Switzerland, Germany, France, Belgium, Monaco, Taiwan). Sa kasong ito, maaaring gawin ang pagmamaneho ng mga sasakyang itinakda sa loob ng lisensiya hanggang isang taon mula sa petsa ng pagdating sa Japan. Bagama’t isang taon ang ipinagkakaloob, kailangang tandaan na dapat balido pa o nasa loob ng validity period ang hawak na lisensiyang gawa sa ibang bansa.

☎ **Para sa mga katanungan / konsultasyon**

| Pangalan ng institusyon | Telepono | Address | Oras ng pagtanggap<br>Lunes – Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon) |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| Saitama Prefectural Police Drivers' Licensing Center | 048-543-2001<br><br>Telepono / FAX Guidance：048-541-1234 | 405-4 Konosu, Konosu-shi<br><br>Paraan ng pagpunta: Sa bus stop No. 3 sa Konosu Station ng Takasaki Line, sumakay sa bus patungo sa “Menkyo Center” at bumaba sa huling bus stop. | Oras ng konsulta bago magpalit ng lisensiya mula sa ibang bansa ng : 9:30 - 10:00<br>Oras ng pagtanggap para sa pagpalit sa lisensiya at screening (para lamang sa mga nakatapos ng konsulta bago mag palit ng lisensya): 13:00 - 13:45 |

## 1 Pagpapalit sa lisensiyang gawa sa ibang bansa

Ang balidong lisensiyang ipinagkaloob sa ibang bansa ay maaaring palitan ng Japanese Driver’s License kapag ang may ari nito ay tumira sa bansang nabanggit sa kabuuan ng 3 buwan o higit pa mula ng ipagkaloob ang lisensiya. Maaaring gawin ang aplikasyon sa Saitama Prefectural Police Driver’s Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa paggawa ng aplikasyon:

- Pasaporte
- Residence Card o Special Permanent Resident Card at iba pa
- Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
- Linsensiyang ipinagkaloob sa ibang bansa
- Pagsasalin sa wikang Hapon ng lisensiyang gawa sa ibang bansa mula sa sariling embahada o sa isang korporasyong itinalaga ng National Public Safety Commission (isang kumpanya) Japan Automobile Federation (JAF) o sa Zipplus (Co., Ltd.).
- Larawan (3.0cm×2.4 cm), 2 piraso
- Halagang ibabayad para sa application fee

Bukod sa mga nabanggit, maaaring hilingin ang iba pang mga dokumento, kaya bago gawin ang aplikasyon ay kailangang sumangguni muna sa consultation office ng tanggapang nangangasiwa sa pagpalit ng lisensiyang gawa sa ibang bansa, sa loob ng Saitama Prefectural Police Driver’s Licensing Center. (Hindi mabibigyan ng permiso na makapag-apply sa pagpapalit ng lisensya kung ang mga papeles ay hindi naipa-check sa consultation office)

## 2 Pagbabago sa lisensiya sa pagmamaneho

Ang lisensiya ay may balidong panahon hanggang tatlo o limang taon depende sa edad ng nagmamaneho, driving history at nilalaman ng mga paglabag sa trapiko. Nakasulat ang mga balidong

panahon sa loob ng lisensiya.

Kailangang baguhin ang lisensiya sa loob ng itinalagang panahon ng pag -renew (simula sa isang buwan bago sumapit ang iyong kaarawan, o bago mag expire ang iyong lisensya hanggang sa expiration date ng lisensya). Ang impormasyon ukol sa pook, oras ng pagtanggap, halaga ng application fee at iba pang detalye ay nakasulat sa notis na ipapadala sa koreo sa pagsapit ng renewal period ng lisensiyang ginagamit.

Kung sakaling hindi natanggap ang notis na nabanggit sa renewal period ng lisensiya, kailangang sumangguni sa tanggapan ng Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa pagbabago ng lisensiya:

- Lisensiyang ginagamit sa kasalukuyan
- Dokumentong na nagpapatunay sa iyong katayuan ng paninirahan (Residence Card, Espesyal na Permanenteng Residenteng Sertipiko, isang kopya ng iyong Resident Record na walang nakatalang indibidwal na numero, o pasaporte.
- Halagang ibabayad para sa application fee

**3 Pagsusuri para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho**

(1) Pook ng pagsusuri: Saitama Prefectural Police Department Drivers' Licensing Center
(2) Oras ng aplikasyon: mula 8:30 hanggang 9:15 ng umaga, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
(3) Mga kinakailangang dokumento at iba pa (magkaiba, depende sa uri ng lisensiyang ginagawan ng aplikasyon) :

- Residence Card o Special Permanent Resident Certificate at iba pa
- Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
- Larawan (3.0cm×2.4 cm), 2 - 3 piraso
- Halagang ibabayad para sa application fee

*Ang pagsusuri para sa lisensya (maliban sa mga lisensya ng Class 2 at maliliit na espesyal na lisensya) ay makukuha rin sa English, Portuguese, Chinese at Vietnamese.

**4 Pamamaraan kapag lampas na sa validity date ang lisensiya sa pagmamaneho**

Kapag nakaligtaang gawin ang pagbabago sa lisensiya bago sumapit ang expiration date nito, kailangang gawin uli ang proseso sa pagkuha ng panibagong lisensiya. Pero, sa pagkuha ng pagsusuri sa takdang panahon pagkatapos mag-expire ng lisensiya, maaaring mabigyan ng exemption at suporta para sa ilang bahagi ng pagsusuri tulad ng theory at practical test.

(Hanggang sa panahong maipagkaloob ang panibagong lisensiya, hindi maaaring magmaneho ng sasakyan.)

Ang mga pamamaraan ay isinasagawa sa Saitama Prefectural Police Drivers' Licensing

Center.

(1) **Kapag walang balidong dahilan sa hindi paggawa ng renewal sa lisensiya (nakalimutang gawin, kaya hindi naisagawa)**

(a) Kapag wala pang anim na buwan ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng lisensiya, pero hindi maaaring ipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.

(b) Kapag humigit sa anim na buwan pero wala pang isang taon ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang hawak na regular, medium, semi-medium at large vehicle license: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng learner's license. Para sa iba pang uri ng lisensiya(large special vehicle at 2-wheel vehicle na walang learner's license), walang mga hakbang o suporta na ipinagkakaloob.

(2) **Kapag hindi naisagawa ang renewal dahil sa hindi mapigilang pangyayari (naospital, nasa ibang bansa at iba pa)**

(a) Kapag wala pang anim na buwan ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng lisensiya. Sa kasong ito, maaaring ipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.

(b) Kapag humigit sa anim na buwan pero wala pang tatlong taon ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaring ipagkaloob ang panibagong lisensiya kapag ginawa ang aplikasyon sa loob ng isang buwan pagkaraan ng di maiwasang dahilan o pangyayari. Maaari ding mabigyan ng exemption sa theory at practical test at maipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.

(3) **Mga kinakailangang dokumento at iba pa**

(a) Oras ng pagsusuri

13:00 – 13:45, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)

(b) Kinakailangang dokumento

① Lisensiyang naimbalido
② Residence Card o Special Permanent Resident Certificate at iba pa
③ Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
④ Larawan (3.0cm×2.4 cm), 1 piraso (3 piraso para sa mga kukuha ng aplikasyon ng learner's license)
⑤ Postcard para sa "Renewal Notification" (maaaring mag-apply kahit wala ito)
⑥ Kung may dahilan sa hindi paggawa ng renewal ng lisensiya, kailangang isumite ang dokumentong maaaring magpatunay sa dahilan at panahon ng pangyayari (medical certificate, pasaporte at iba pa)
⑦ Halagang ibabayad para sa application fee

**5 Mga pamamaraan na dapat gawin sa oras ng pagpalit ng tirahan at iba pa**

Sa pagpalit ng tirahan at pangalan, kailangang gawin ang pagbabago sa address at iba na nakasulat sa loob ng lisensiya. Kailangang gawin sa lalong madaling panahon ang nabanggit na proseso sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya (maliban sa Konosu Police Station) o sa pinakamalapit na Drivers' Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento para sa aplikasyon:

- Lisensiya sa pagmamaneho
- Dokumentong naglalaman ng sariling pangalan, kung saan nakasulat ang kasalukuyang tirahan (Residence Certificate, Tax Notice, notisya para sa singil ng tubig, telepono at iba pa)
- Dokumentong maaaring magpatunay sa iyong katayuan ng paninirahan (Residence Card, Espesyal na Permanenteng Residenteng Sertipiko, isang kopya ng iyong Resident Record na walang nakatalang indibidwal na numero o pasaporte)

  ※. Kung gusto mong baguhin ang iyong permanenteng tirahan, pangalan, o petsa ng kapanganakan, mangyaring magsumite ng kopya ng iyong resident card na nagpapakita ng iyong nasyonalidad, katayuan ng paninirahan, at dahil nakalagay na din ang panahon ng pananatili isang kopya ng iyong Resident Record na walang nakatalang indibidwal na numero.

**6 Pagbili at pagrehistro ng sasakyan**

Sa oras ng pagbili o pagtapon ng sasakyan o kapag binago ang pangalan o tirahan, depende sa uri ng sasakyan ay kailangang iparehistro ang mga bagay na nabanggit sa sumusunod na mga tanggapan.

| Uri ng sasakyan | Pook ng rehistrasyon |
|---|---|
| Regular o karaniwang sasakyan at motorsiklong higit sa 125cc | Kanto District Transport Bureau - Saitama Transport Branch o sa bawat tanggapan ng Vehicle Inspection & Registration Office |
| Maliliit na sasakyan (660cc at pababa) | Light Motor Vehicle Inspection Organization - Saitama Branch Office o sa iba pang sangay na tanggapan |
| Motorbike (125cc at pababa) | Sa tanggapan ng Taxation Division ng bawat munisipalidad |

Kinakailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa oras ng pagbili o pagpaparehistro ng regular na sasakyan (sa kaso na kagaya ng sa pagpapabago sa pangalan ng may-ari)

- Transfer Certificate (na may rehistradong seal ng dating may-ari ng sasakyan)
- Stampa (registered seal) ng bago at dating may-ari ng sasakyan o Power of Attorney na may stampa ng kanilang registered seal (kapag ang apkikasyon ay gagawin ng isang kahalili o proxy)
- Seal Registration Certificate ng bago at dating may-ari ng sasakyan (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)

• Vehicle Parking Space Certificate (na gawa sa loob ng 40 araw)
  * Hindi kailangan kung pareho ng address ng bago at dating may-ari ng sasakyan.
• Vehicle Inspection Certificate (kailangang balido ang takda)
  *Sa pagpapalit ng license plate number ng inyong sasakyan, dalhin ang sasakyan at mga papeles o dokumentong nakasaad sa itaas.
  *Kung ang nakalagay na address, pangalan at iba pa, bilang nagmamay-ari ng sasakyan sa car inspection certificate ay iba sa nakalagay sa seal certificate, kailangang magpakita ng pagpapakilanlan o iba pang dokumento ng pagpapatunay kagaya ng resident card.

  *Kung lumipat ng tirahan (bagong addresss) kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento :
• Residence Certificate o Juminhyo (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)
  *Dokumentong maaaring magpatunay sa koneksiyon o kaugnayan ng address na nakasulat sa Vehicle Inspection Certificate hanggang sa kasalukuyang tirahan.
• Vehicle Parking Space verification (na gawa sa loob ng 40 araw)
• Power of attorney (kung magpapa-apply sa isang proxy)
  *Kung ang may-ari at ang gumagamit ay magkaiba, ang bawat isa ay kinakailangan.
• Vehicle Inspection Certificate
  *Sa pagpapalit ng numero ng sasakyan, dalhin ang iyong sasakyan at ang mga dokumentong nakalista sa itaas.

* Sumangguni sa sumusunod na mga tanggapan para sa detalye:

☎ **Para sa mga katanungan / konsultasyon**

| Pangalan ng institusyon | Telepono | Address | Oras ng pagtanggap |
|---|---|---|---|
| Kanto District Transport Bureau - Saitama Transport Branch | 050-5540-2026 | 2154-2, Nakakugi, Nishi-ku, Saitama-shi | 8:45 - 11:45 / 13:00 - 16:00 Lunes - Biyernes（maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon） |
| Kumagaya Automobile Inspection & Registration Office | 050-5540-2027 | 701-4, Miizugahara, Kumagaya-shi | |
| Tokorozawa Automobile Inspection & Registration Office | 050-5540-2029 | 688-1, Ushinuma, Tokorozawa-shi | |
| Kasukabe Automobile Inspection & Registration Office | 050-5540-2028 | 723-1, Mashito, Kasukabe-shi | |

Website ng Saitama Transport Branch Office:
https://wwwtb.mlit.go.jp/kanto/s_saitama/index.html

Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa pagrehistro ng light vehicle (*keijidousha*), (sa pagpapalit ng pangalan):
Light Vehicle:

- Residence Certificate ng bagong may-ari ng sasakyan (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)
- Vehicle Inspection Certificate
- Application request form (kung nag-a-apply sa pamamagitan ng proxy)

※Kung nagpabago ng license plate number kailangan mo ng plate number bukod pa sa nabanggit.

*Kung ang mga pangalan ng may-ari at gumagamit ng sasakyan ay magkaiba sa nakalagay sa sertipiko ng inspeksyon ng sasakyan, mangyaring makipag-ugnayan sa may-ari (ang dealership ng sasakyan, kumpanya ng pautang, atbp.) nang maaga.

※Sumangguni sa sumusunod na mga tanggapan para sa detalye:

☎ **Para sa mga katanungan / konsultasyon**

| Pangalan ng institusyon | Telepono | Address | Oras ng pagtanggap |
|---|---|---|---|
| Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office | 050-3816-3110 | 505-1 Hirakata Ryoryoke, Oaza, Ageo-shi, | 8:45 – 11:45 / 13:00 – 16:00 Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon) |
| Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Tokorozawa Branch Office | 050-3816-3111 | 360-3, Kita-nagai, Miyoshi-machi, Iruma-gun | |
| Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Kumagaya Branch Office | 050-3816-3112 | 960-2, Niibori, Aza Kitahara, Kumagaya-shi | |
| Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Kasukabe Branch Office | 050-3816-3113 | 115-1, Higashi-Kouchi, Shimooomashi-Shinden, Kasukabe-shi | |

Sumangguni sa tanggapan ng sariling munisipalidad ukol sa pagbili o pagrehistro ng motorized bike (125cc at pababa).

---

**7 Seguro para sa sasakyan**

Sa kaso ng pagkakaroon ng isang aksidente sa sasakyan, mayroong insurance para sa sasakyan. Mayroong dalawang uri ng insurance ng sasakyan: Compulsory Automobile Liability Insurance at voluntary insurance. Inirerekomenda na magpatala ka sa voluntary insurance na sumasaklaw sa mga pinsala, bilang karagdagan sa compulsory insurance.

(1) **Compulsory Insurance**

Kapag bumili ka ng sasakyan o nagpa-inspeksyon ng sasakyan, dapat kang magpatala sa compulsory liability insurance (jibaiseki hoken). Ang insurance na ito ay nagbibigay ng coverage kung nakapagdulot ka ng pinsala sa ibang tao sa iyong sasakyan. May limitasyon ang halaga ng kabayaran, kaya kung lalampas sa limitasyon, hindi ito sasaklawin ng insurance sa pananagutan ng sasakyan. Maaari kang magpatala sa insurance na ito sa isang ahente ng isang non-life insurance company, tulad ng isang car dealership o auto repair shop.

(2) **Voluntary Insurance (Seguro ng Sasakyan)**

Ang voluntary insurance ay nagbibigay ng kabayaran para sa pinsala sa ari-arian ng isang third party, pinsala sa iyong sasakyan, o iba pang mga pinsala na hindi sakop ng compulsory insurance, pati na rin ang kabayaran na lumampas sa limitasyon ng ipinag-uutos na seguro sa pananagutan. Maaari kang mag-aplay para sa ganitong uri ng insurance sa mga ahente ng isang non-life insurance company.

**Para sa mga katanungan / konsultasyon**

| Pangalan ng institusyon | Telepono | Oras ng pagtanggap |
|---|---|---|
| General Insurance Association of Japan, General Insurance Counseling and ADR Center | Navi Dial (sa buong bansa) may bayad:<br>0570-022808<br>IP phone:<br>03-4332-5241 | Oras : 9:15 – 17:00<br>Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, at mga araw ng Dec.30 ~Jan.4)<br>*Ang konsultasyon ay sa Nihongo lamang<br>*Hindi maaaring gawin ang aplikasyon para sa car insurance sa konsultasyong ito. Kung nais mag-apply, kumunsulta sa tanggapan ng mga non-life insurance companies.<br><br>Link para sa consultation counters ng non-life insurance companies:<br>https://www.sonpo.or.jp/soudan/reference.html |

* Website para sa mga dayuhang bumibisita at mga dayuhang residente dito sa Japan: "Impormasyon sa Pananatiling Ligtas sa Japan"

https://living-and-ins.jp/ja/